Nancy S. Grasmick
State Superintendent of Schools

Martin O'Malley
Governor

Maryland State Department of Education
Division of Special Education/Early Intervention Services
200 W. Baltimore Street, Baltimore, MD 21201
www.marylandpublicschools.org

MGA PULONG NA PINANGANGASIWAAN NG PANGKAT NG IEP SA MARYLAND

Isang Panimula at Kadalasang Katanungan para sa mga Magulang at sa Pampublikong Ahensiya/Tauhan ng Paaralan

Panimula sa mga Pulong na Pinangangasiwaan ng Pangkat ng IEP. Ang pagkakaroon ng pagpupulong sa pangkat ng Programang Edukasyong Ibinabagay (Individualized Education Program, IEP) na pinangangasiwaan ng isang panlabas, malaya, at bihasang "tagapangasiwa" ay mabilis na nagiging tanyag na pamamaraan para sa mga magulang at mga tauhan ng paaralan upang marating ang isang kasunduan sa natatanging serbisyong pang-edukasyon para sa mga mag-aaral na nangangailangan o pinapalagay na nangangailangan ng serbisyong espesyal na edukasyon. Kapag ang relasyon ng mga magulang at mga tauhan ng paaralan ay nagkaroon ng problema o maging maganda, bago pa man magkaroon ng ganitong pangyayari, minamarapat ng mga magulang at ng mga tauhan ng paaralan na ipaalam na ang paggamit ng panlabas na tagapangasiwa ay makakatulong sa pangkat ng IEP sa pamamalakad. Ang isang tagapangasiwa ay maaaring tumulong sa mga magulang at mga tauhan ng paaralan upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan o hidwaan kapag pinapaniwalaan na ang pag-uusap sa pulong ay nagiging mapaghamon. Ang paggamit ng bihasang tagapangasiwa ay itinuturing na mabisa na pamamaraan upang mapanatili ng pangkat IEP na maituon sa pagpapaunlad ng programang pang-edukasyon para sa mag-aaral habang ito ay nagbibigay din ng pansin sa hindi pagkakasundo at hidwaan na maaaring mangyari sa kakulangan ng komunikasyon. Ang tagapangasiwa ay gagamit ng kanyang kahusayan na bumuo ng isang kapaligiran na kung saan ang mga kasapi sa grupo ng IEP, mga tauhan ng paaralan at mga magulang ay makinig sa isat-isa at sama-samang gagawa ng mataas na uri ng programang pang-edukasyon para sa mga mag-aaral na pinapalagay, o kinikilalang may kapansanan.

1. Sino ang maaaring humingi upang ang isang pulong ng IEP ay mapangasiwaan?

Ang isang tagapangasiwa ay maaaring hingin ng magulang o ng paaralan. Subalit, kailangang magkasundo ang parehong partidos na gamitin ito sa kusang loob na pamamaraan.

2. Sino ang nagsisilbing tagapangasiwa sa pulong ng IEP?

Ang isang bihasa at may kusang-loob na tagapangasiwa ay nagmumula sa sentro ng lipunan ng namamagitan, na kadalasang matatagpuan sa lugar kung saan nakatira ang mga magulang o sa ibang lipunan na kung saan malapit nakatira ang mga magulang at kung saan malapit na paaralang pumapasok ang mag-aaral. Ang tagapangasiwa ay nakatapos ng 50 oras ng kursong pagsasanay sa dalubhasang pamamagitan, may karanasan sa pamamagitan sa ibat'ibang uri ng alitan, at nakatapos ng 3-araw ng pagsasanay sa pamumuno sa IEP. Ang tagapangasiwa ay hindi kasapi ng pangkat

IEP at ito ay walang kinalaman sa paaralan o sa mga magulang maliban lamang sa pag-alalay sa pulong. Ang tagapangasiwa ay nananatiling walang pinapanigan at umaayon sa pamamalakad habang ang pangkat ang gumagawa naman ng kapasyahan.

3. Ano ang pagkakaiba ng pangangasiwa sa pamamagitan sa ilalim ng IDEA?

Habang ang mga pulong na pinangangasiwaan ng pangkat ng IEP ay lumalabas na isang paraan upang maiwasan ang hindi pagkakaintindihan at/ o kaya ay makalutas ng hindi pagkakaunawaan bago humingi ng pamamagitan o magsampa ng reklamo na angkop sa pamamaraan, hindi ito kailangan sa ilalim ng IDEA. Mga Estado o ang pamamalakad sa lokal na paaralan ay hindi kinakailangan na mag-alok ng ganitong serbisyo. Ang mga pagkakaiba ng pangangasiwa ng IEP at sa pamamagitan sa ilalim ng IDEA ay ang mga sumusunod:

- Ang pangangasiwa ay nangyayari sa madalas na pulong ng pangkat ng IEP
- Ang pulong ng IEP ay karaniwang pinapatakbo sa paraan ng paaralan katulad din ng pulong ng IEP na walang nangangasiwa.
- Walang nakasulat na kasunduan maliban sa nakasulat na IEP para sa mag-aaral at ang paunang pagbibigay-alam na pangangailangan ng IDEA

Ang pangangasiwa ng IEP ay hindi dapat ito mapagkamalan na pamamagitan. Ang pamamagitan ay maaring gamitin para sa isang higit na malawak na paksa sa espesyal na edukasyon kaysa sa IEP. Ang pamamagitan ay karaniwang ginagamit kung mayroong malaking hindi pagkakaunawaan na hindi kayang lutasin ng partidos. Ang isang dalubhasa at walang pinapanigang tagapangasiwa ang magdadala sa mga partidos upang himukin silang magtulungan sa isat-isa sa paglutas ng ibat-ibang uri ng hindi pagkakaunawaan, kadalasang kasama dito ang mga bagay na walang kinalaman sa IEP ng mag-aaral.

4. Anong ginagawa ng tagapangasiwa sa pulong?

Ang tagapangasiwa ay inaasahan na

- Sumubaybay sa pangkat upang makabuo ng paksa
- Mamuno sa pagtalakay at manatiling nakatuon sa mga mag-aaral
- Siguraduhing mapagbibigyan ang bawat isa na makapagsalita at mapakinggan
- Tumulong sa paglutas sa hindi pagkakaunawaan
- Gumamit ng kahusayan sa pakikipag-usap sa pagtulong sa mga magulang at mga tauhan ng paaralan upang magtulungan sa paggawa ng kapasyahan tungkol sa programa
- Tulungan ang mga kasapi ng pangkat na makabuo at magtanong tungkol sa mga bagay na maaaring nangyari sa nakaraan
- Tumulong upang manatili ang pangkat sa kanilang mga ginagampanan at sa loob ng panahong itinakda para sa pulong
- Manatiling walang pinapanigan, hindi kumakampi kaninuman, hindi nagbibintang, hindi nagpapataw ng kapasyahan sa grupo o nagbibigay ng opinyon sa kawastohan ng kapasyahan.

5. Ano ang mga benepisyo ng pulong na pinangangasiwaan ng pangkat ng IEP?

Ang mga magulang at mga tauhan ng paaralan na nakagamit na ng pulong na pinangangasiwaan ng pangkat ng IEP ay nagsasabing nakamit ang mga sumusunod na benepisyo:

- Ang tuon ng pansin ay nanatili doon sa mga mag-aaral
- Suporta sa lahat ng panig na sumali ng lubos
- Positibong pakikipag-ugnayan ng mga magulang at ng mga tauhan ng paaralan ay napapanatili
- Pagkakataon para sa paglikha, ang walang pagkatalo, kalutasan ay maaaring mangyari
- Ang pangangasiwang serbisyo ay walang bayad para sa mga partidos at ito ay hindi nakikipagtalo
- Ang mabisang pakikipag-usap at husay sa pakikinig ay isang ehemplo
- Ang punto ng pagkakasundo at hindi pagkakasundo ay naliwanagan
- Ang mga magulang at mga propesyonal ay hinihimuk makakita ng mga bagong mapagpipilian upang matugunan ang mga problemang hindi pa napagpasyahan
- Ito ay bahagi ng kadalasang pulong ng IEP, at dahil dito, hindi nangangailangan ng hiwalay na pagpupulong
- Ang lahat ng kapasyahan ay ginagawa ng pangkat at hindi ng tagapangasiwa o tagapakinig na opisyal

6. Papaano napapanatili ang pagiging lihim (confidentiality) ng mag-aaral at ng pamilya?

Ang magulang ay kailangang magbigay ng pahintulot upang sa ganoon ay makagawa ng paaralang maibahagi ang pansariling impormasyon tungkol sa mag-aaral doon sa tagapangasiwa. Ito ay kinakailangan sa ilalim ng Batas sa mga Karapatan at Pagiging Pribado na Pang-edukasyon ng Pamilya (Family Education Rights Privacy Act).

7. Sino ang magbabayad sa tagapangasiwa?

Walang gagastusin ang mga magulang o ang paaralan para magkaroon ng tagapangasiwang aalalay sa pamamalakad ng IEP. Ang pondo upang sanayin ang mga tagapangasiwa at suporta sa programa, kasama na dito sa ilang kaso, ang pababalik bayad ng milyahe para sa tagapangasiwa, ay ibinibigay sa pamamagitan ng tulong sa paraang Pamamagitan sa Estado ng Maryland, ng State Judiciary's Mediation at Conflict Resolution Office na nasa ilalim sa direksiyon ng Kagalang-galang na Punong Hukom Robert M. Bell, Maryland Court of Appeals, at ng Kagawarang ng Edukasyon sa Estado ng Maryland, Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo sa Maagang Pamamagitan, Carol Ann Baglin, Ed.D., Assistant State Superintendent.

8. Anong mga pampublikong ahensiya ang nag-aalok ng mga pinangangasiwaang pulong para sa mga magulang at mga tauhan ng paaralan?

Ang mga sumusunod na mga pampublikong ahensiya na nag-aalok ng mga serbisyo ng isang tagapangasiwa para sa mga magulang at mga tauhan ng paaralan sa taong 2007-2008.

- Mga Pampublikong Paaralan ng Anne Arundel County
- Mga Pampublikong Paaralan ng Baltimore County
- Mga Pampublikong Paaralan ng Cecil County
- Lupon ng Edukasyon sa Dorchester County
- Mga Pampublikong Paaralan ng Frederick County

- Mga Pampublikong Paaralan ng Howard County
- Mga Pampublikong Paaralan ng Montgomery County
- Mga Pampublikong Paaralan ng Prince George's County
- Mga Pampublikong Paaralan ng St. Mary's County
- Mga Pampublikong Paaralan ng Washington County

Ang mga tagapangasiwa at ang mga ibinibigay na serbisyo ay sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng mga tauhan at may mga kusang-loob sa mga sumusunod na Sentro ng Kumunidad sa Paglutas ng Hindi Pagkakaunawaan: *Anne Arundel Conflict Resolution Center*; *Charles County Community Mediation Center*; *Mid- Shore Community Mediation Center*; *Washington County Community Mediation Center*; *Conflict Resolution Center of Montgomery County*; *Community Mediation, Upper Shore, Inc*; *Center for Conflict Resolution, Inc*., Salisbury; *Prince George's County Mediation and Conflict Resolution Collaborative, Community Mediation Center of St. Mary's County*, at ng mga tauhan ng *Community Mediation Maryland*, sa ilalim at direksiyon ni Lorig Charkoudian, Ph.D., Direktor Ehekutibo.

9. Sino ang aking kakapanayamin kung nais kong may tagapangasiwa na dadalo sa mga pulong ng pangkat ng IEP para sa aking anak?

Ang mga pamamalakad ng paaralan na nag-aalok ng serbisyong pangangasiwa ay may pang-indibidwal na paraan sa paghingi ng tagapangasiwa. Para malaman kung paano humingi ng serbisyo, iminumungkahi na makipanayam lamang sa Tanggapan ng Direktor ng Espesyal na Edukasyon sa pamamalakad ng paaralang may katungkulan sa programang pang-edukasyon ng bata o Kumunidad ng Pamamagitan sa Maryland (Community Mediation Maryland) (410-553-0206, 888-826-2262).

10. Sino ang aking kakapanayamin kung ang sistema ng aking paaralan ay hindi nag-aalok ng mga pulong na pinangangasiwaan ng pangkat ng IEP?

Kung kayo ay interesado na magkaroon ng pamamalakad ang iyong paaralan na mag-alok ng mga pulong na pinangangasiwaan ng pangkat ng IEP, maaari mong kapanayamin ang Direktor ng Espesyal na Edukasyon ng lokal na pamamalakad ng paaralan. Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland at Kumunidad ng Pamamagitan ng Maryland ay nangangako na palalawakin ang serbisyo para sa lahat ng pamamalakad ng paaralan na may gustong magbigay ng serbisyo sa mga magulang ng mga mag-aaral na may kapansanan at mga tauhan ng paaralan. Ang pagkakaroon nito ay base sa bilang ng mga bihasang tagapangasiwa at ang kakayahan ng Kumunidad ng Pamamagitan ng Maryland at sa bawat Sentro ng Paglutas ng Hindi Pagkakasunduan (Conflict Resolution Center).

Mahalagang malaman na ang mga pulong na pinangangasiwaan ng IEP ay pareho lamang sa alinmang pulong ng IEP. Ito ay katulad din sa inaasahang nangyayari para sa pagsunod sa mga legal na regulasyon at ng anumang pangangailangang pagkilos sa pamamalakad ng IEP sa Maryland. Ang pagkakaibahan lang nito ay ang pagdalo ng tagapangasiwa.

Gusto ng MSDE na bigyan pansin ang tulong ng North Carolina Department of Public Instruction, Exceptional Children Division at ng Consortium for Appropriate Dispute Resolution in Special Education (CADRE) sa pagbuo ng dokumentong ito.

Ang pondong ibinigay sa pamamagitan ng Kagawaran ng Edukasyon sa Estado ng Maryland, Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon, Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan (Maryland State Department of Education, Division of Special Education/Early Intervention Services) mula sa IDEA Parte B Pondo #HO27A070035A, Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos, Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyong Pagbabagong Tatag (Office of Special Education and Rehabilitation Services). Ang mga pagpapahayag na ginawa dito ay hindi nangangahulugan na nagsasaad din ng mga pagpapahayag ng Kagawarang ng Edukasyon ng Estados Unidos o anumang ahensiyang Pederal at hindi dapat ituring na ganito. Ang Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan ay tumatanggap ng pondo mula sa Tanggapan ng mga Programa sa Espesyal na Edukasyon, Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon at Serbisyong Pagbabagong-Tatag, Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos. Ang impormasyong ito ay libreng kopyahin. Ang mga mambabasa ay hinihimok na ipalathala, kopyahin at ibahagi ito, subalit mangyaring ipaalam na ito ay galing sa Disbisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan.

Ang Kagawaran ng Edukasyon sa Estado ng Maryland (Maryland State Department of Education) ay hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, kasarian, edad, bansang pinanggalingan, relihiyon, o kapansanan sa mga bagay na nakakaapekto sa pagtatrabaho o sa pagbibigay-daan sa mga programa. Para sa mga tanong na may kinalaman sa patakaran ng kagawaran, mangyaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Pagtiyak ng Katarungan at Pagsunod (Equity Assurance and Compliance Branch, Boses (410) 767-0433 o Fax (410) 767-0431. Alinsunod sa Batas sa mga Amerikanong may mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act (ADA), ang dokumentong ito ay makukuha sa mga panghalinghing anyo, kung hihilingin. Makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/ Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan (Division of Special Education/Early Intervention Services), Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland sa boses (410) 767-0858,o fax (410) 333-1571.

Dev. 08/2007